Pasan

Gloc-9

O naranasan mo na bang masaktan
Na kahit anong gawin hindi malimutan
O naranasan ko na ring masaktan
Kaso ang kaibahan natin ay ang paraan
Kung pano ko pinasan hanggang patuloy gumaan

Di kailangan na mag pasikat Ilipat
Mo ang dala sa kabilang balikat
Nang maingat
Katulad ng papel at hawak mo na panulat
Dapat sigurado naka sentro ka sa sipat
Kung maraming naka hain mag tira
Ugaliing ibahagi sa iba
Kung hindi ka nakapasok ay baka
Napuno na di ka dapat mag taka
O kaya ay mag tanim ng galit na matalim
Bakit mo naaatim mamalagi sa dilim
Ugaliing magising ng maaga pitasin
Meron laging mas mahusay
Yan ang dapat lunukin

Kasi tandaan na tatanda ka
Maiiwan ang mas bata
Pero bago ko bitawan ang mikroponong ito
Sisiguraduhin kong di mo makakalimutan ang pangalan ko

O naranasan mo na bang masaktan
Na kahit anong gawin hindi malimutan
O naranasan ko na ring masaktan
Kaso ang kaibahan natin ay ang paraan
Kung pano ko pinasan hanggang patuloy gumaan

Ito ang aking kwaderno
Daming maling sulat na makikita
Muntik na akong manghina
Pero imbes burahin tinuwid ko na lang ang linya

Wala nang balikan
Wala nang atrasan
Kung may dapat lingunin
Pinanggalingan ko na lang
Wala na kong dapat intindihin
Sa sasabihin ng iba tungkol sa aking nakaraan
Totoo palang maraming harang papunta sa Kalayaan
Pag asa'y parang dama talo pag naubusan
Mas pinairal ang isipan kesa sa nararamdaman
Kailangan kong kumain para may mapatunguhan

Kahit tingin nila sakin minsan paniksik
Panakip butas sa mga tulad nilang hilig manaliksik
Mas lalong pinakita ang pambihira at totoong bagsik
Naniwala ko sa sarili hanggang sa lahat na sila ay bumilib

O naranasan mo na bang masaktan
Na kahit anong gawin hindi malimutan
O naranasan ko na ring masaktan
Kaso ang kaibahan natin ay ang paraan

Kung pano ko pinasan hanggang patuloy gumaan

O naranasan mo na bang masaktan
Na kahit anong gawin hindi malimutan
O naranasan ko na ring masaktan
Kaso ang kaibahan natin ay ang paraan
Kung pano ko pinasan hanggang patuloy gumaan

O naranasan mo na bang masaktan
Na kahit anong gawin hindi malimutan
O naranasan ko na ring masaktan
Kaso ang kaibahan natin ay ang paraan
Kung pano ko pinasan hanggang patuloy gumaan

Iabot mo ang respeto nang ito ay matanggap mo
Huwag matakot na umamin
Ituro ang tamang landasin
Kahit na puno ang gatang ay iwasan mo ang yabang

Kasi tandaan na tatanda ka
Maiiwan ang mas bata

Tištěno z pisnicky-akordy.cz Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!